

## Memorial Hermann Health System Iyong Mga Karapatan at Proteksyon Laban sa Mga Hindi Inaasahang Medikal na Bayarin

Kapag tumanggap ka ng pang-emergency na pangangalaga o gumamit ng provider na wala sa network sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network, protektado ka laban sa balance billing (pagsingil sa balanse). Sa mga sitwasyong ito, hindi ka dapat singilin ng higit sa mga copayment, coinsurance at/o nababawas ng iyong plano.

### Ano ang “balance billing” (kung minsan, tinatawag na “surprise billing”)?

Kapag nagpatingin ka sa doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, puwedeng may dapat kang bayarang mga gastusin mula sa sariling bulsa, gaya ng copayment, coinsurance, o nababawas. Puwedeng mayroon kang karagdagang gastusin o kailangan mong bayaran ang buong bayarin kung nagpatingin ka sa isang provider o bumisita sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na wala sa network ng planong pangkalusugan mo.

Tinutukoy ng “wala sa network” ang mga provider at pasilidad na walang kontrata sa iyong planong pangkalusugan para magbigay ng mga serbisyo. Puwedeng payagan ang mga provider na wala sa network na singilin ka para sa pagkakaiba sa pagitan ng binabayaran ng iyong plano at sa buong halagang siningil para sa serbisyo. Tinatawag itong “**balance billing**.” Malamang na mas mataas ang halagang ito kaysa sa mga gastusin sa loob ng network para sa parehong serbisyo at puwedeng hindi maisama sa nababawas o taunang limitasyon sa mula sa sariling bulsa ng iyong plano.

Hindi inaasahang singil sa balanse ang “surprise billing.” Puwede itong mangyari kapag hindi mo makontrol kung sino ang nag-aasikaso sa iyong pangangalaga—gaya ng kapag mayroon kang emergency o kapag nag-iskedyul ka ng pagbisita sa isang pasilidad na nasa network pero tiningnan ka ng provider na wala sa network nang hindi inaasahan. Puwedeng umabot sa libu-libong dolyar ang mga hindi inaasahang medikal na bayarin depende sa pamamamaraan o serbisyo.

### Protektado ka laban sa balance billing para sa:

#### **Mga pang-emergency na serbisyo**

Kung mayroon kang pang-emergency na medikal na kundisyon at tumanggap ng mga pang-emergency na serbisyo mula sa isang provider o pasilidad na wala sa network, ang masingil lang nila sa iyo ay ang halaga ng bahagi sa gastos ng plano mo (gaya ng mga copayment, coinsurance, at nababawas). Ikaw ay **hindi** puwedeng singilin ng balanse para sa mga pang-emergency na serbisyo na ito. Kabilang dito ang mga serbisyong puwede mong makuha kapag nasa stable na kundisyon ka na, maliban kung magbigay ka ng nakasulat na pahintulot at itatatwa mo ang iyong mga proteksyong hindi singilin ng balanse para sa mga serbisyong ito pagkatapos maging stable.

Pinoprotektahan ng batas ng Texas ang mga pasyenteng may insurance sa kalusugan na kinokontrol ng estado (humigit-kumulang 16 na porsyento ng mga Taga-Texas) laban sa mga hindi inaasahang medikal na bayarin sa mga emergency o kapag wala silang pagpipiliang mga doktor. Pinagbabawalan ng batas ang mga doktor at provider na magpadala ng mga hindi inaasahang medikal na bayarin sa mga pasyente sa mga naturang sitwasyon.

**Ilang partikular na serbisyo sa ospital o ambulatory surgical center na nasa network**

Kapag tumanggap ka ng mga serbisyo mula sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network, puwedeng wala sa network ang ilang partikular na provider doon. Sa mga sitwasyong ito, ang masingil lang ng mga naturang provider sa iyo ay ang halaga ng bahagi sa gastos ng plano mo. Nalalapat ito sa pang-emergency na serbisyo ng gamot, anesthesia, pathology, radiology, laboratory, neonatology, assistant surgeon, hospitalist, o intensivist. Ang mga provider na ito ay **hindi puwedeng** maningil sa iyo ng balanse at **hindi** puwedeng humiling sa iyong itatwa ang mga proteksyon mong hindi masingil ng balanse.

Kung tumanggap ka ng iba pang uri ng mga serbisyo sa mga pasilidad na ito na nasa network, ang mga provider na wala sa network ay **hindi puwedeng** maningil sa iyo ng balanse, maliban kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot at itatatwa mo ang iyong mga proteksyon.

Ipinagbabawal rin ng batas ng Texas ang pagsingil sa balanse para sa anumang pangangalagang pangkalusugan, medikal na serbisyo o supply na ibinigay sa isang pasilidad na nasa network ng doktor o iba pang provider na wala sa network at para sa mga serbisyo ng mga provider ng diagnostic imaging at provider ng serbisyo ng laboratoryo na ibinigay kaugnay ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na ginawa ng doktor o provider na nasa network.

**Hinding-hindi ka aatasang itatwa ang iyong mga proteksyon laban sa pagsingil sa balanse. Hindi ka rin aatasang kumuha ng pangangalaga sa labas ng network. Puwede kang pumili ng provider o pasilidad na nasa network ng plano mo.**

**Kapag hindi pinapayagan ang pagsingil sa balanse, mayroon ka rin ng mga proteksyong ito:**

- Responsibilidad mo lang na bayaran ang iyong bahagi sa gastos (gaya ng mga copayment, coinsurance, at nababawas na babayaran mo kung nasa network ang provider o pasilidad). Direktang babayaran ng iyong planong pangkalusugan ang anumang karagdagang gastos sa mga provider at pasilidad na wala sa network.
- Sa pangkalahatan, dapat gawin ng iyong planong pangkalusugan na:
  - o Saklawin ang mga pang-emergency na serbisyo nang hindi ka inaatasang kumuha ng pag-apruba para sa mga serbisyo nang mas maaga (tinatawag ding “paunang pahintulot”).
  - o Saklawin ang mga pang-emergency na serbisyo ng mga provider na wala sa network.
  - o Ibatay kung ano ang dapat mong bayaran sa provider o pasilidad (bahagi sa gastos) sa kung ano ang ibabayad nito sa isang provider o pasilidad na nasa network at ipakita ang naturang halaga sa iyong paliwanag ng mga benepisyo.
  - o Bilangin ang anumang halagang ibabayad mo para sa mga pang-emergency na serbisyo o serbisyong wala sa network sa iyong nababawas at limitasyon sa gastos mula sa sariling bulsa sa nasa network.

**Kung sa palagay mo ay mali ang pagsingil sa iyo, puwede kang makipag-ugnayan sa No Surprises Help Desk sa (800) 985-3059 o sa Texas Department of Insurance sa (800) 252-3439.**

Bumisita sa [www.cms.gov/nosurprises/consumers](http://www.cms.gov/nosurprises/consumers) para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng pederal na batas. Bumisita sa <https://www.tdi.texas.gov/medical-billing/surprise-balance-billing.html> para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng batas ng Texas.